

# Paghahanda para sa Mga Emerhensiya sa Enerhiya



**Ang California Energy Commission sa tungkulin nito** bilang pangunahing polisiya ng estado sa enerhiya ay sumusuporta sa mga pagsusumikap sa pagresponde sa emerhensiya nito sa pamamagitan ng paninilbihan bilang sentral na pinagmulan ng kapani-paniwala at napapanahong impormasyon sa mga pang-emerhensiyang epekto sa imprastraktura ng enerhiya ng estado. Kabilang sa mga pangsuportang aktibidad ang pagpalano sa mga kakulangan at mga pangunahing krisis na nakakaapekto sa pagkakaroon ng koryente, natural na gas, at mga petroleum fuel; pagtulong sa mga lokal na pamahalaan sa pagpapalano sa katatagan sa enerhiya; at paghikayat sa bawas na pangangailangan sa enerhiya sa panahon ng emerhensiya.

## Pagpapalano para sa Mga Emerhensiya sa Enerhiya

Responsable ang Energy Commission para buuin angistratehiya ng California sa pagresponde sa kawalan ng supply ng enerhiya dahil sa natural na sakuna o makabuluhang geopolitical kaganapan, ayon sa nadetermina sa Plano ng California sa Pagtugon sa Emerhensiya sa Enerhiya.

**Bilang tugon sa 2000-2001 krisis sa kuryente, ipinatupad ng Komisyon ng Enerhiya ang isang programa ng emerhensiyang pamamahala ng pag-load ng elektrisidad na naglaan ng higit sa 1,000 mga negosyo na may mga sistema ng pagsukat at kontrol na nagpapagana sa kanila na bawasan ang pinagsama-samang mga karga ng kuryente sa pamamagitan ng higit sa 150 megawatts sa loob ng 15 minuto ng pagtanggap ng isang alerto sa emerhensiya.**



Ang planong ito ay nagbibigay ng istraktura sa pamamahala at operasyon na kumikilala sa mga gumaganang relasyon na kailangang umiral para masiguro ang mabisang pagkilala, pagtugon, at pagbawi mula sa emerhensiya sa enerhiya.

Bilang karagdagan sa pagbibigay ng pagpapalano ng estado sa mga emerhensiya sa enerhiya, tinutulungan ng Energy Commission ang mga lokal na pamahalaang gumawa ng mga plano sa katibayan sa enerhiya para masiguro na may maaasahang supply ng enerhiya para sa mga mahahalagang serbisyo na nilaan ng mga lokal na pamahalaan.

## Pagsuporta sa Mga Pagsusumikap sa Pagresponde sa Emerhensiya

Sinusuportahan ng Energy Commission ang mga pagsusumikap ng estado sa pagresponde sa emerhensiya sa pagkalap at pagsusuri ng kritikal na impormasyon, pagpapanatili sa teknikal na kahusayan na partikular sa paksa, at pagkoordinang mga aktibidad sa pagpapalano para sa kung ano man ang mangyayari kasama ang mga pangunahing stakeholder. Bilang suporta sa mga pagsusumikap sa pagresponde ng Office of Emergency Services (Cal OES) ng Gobernador ng California, sinusubaybayan ng Energy Commission ang mga aktibidad ng sektor ng petrolyo at nagbibigay ng mga istrategikong pagsusuri. Higit pa, pinapayuhan ng pamumuno ng ahensiya ang Gobernador sa katangian, saklaw at tagal ng mga emerhensiya sa enerhiya at mga angkop na tugon ng estado. Ang karagdagang impormasyon ay mahahanap sa webpage ng Response to Energy Emergencies in California & Contingency Planning.

Bilang tugon sa krisis sa koryente ng 2000–2001, nagpatupad ang Energy Commission ng pang-emerhensiyang programa sa pamamahala ng load ng koryente na nagbibigay ng mahigit sa 1,000 mga negosyo ng mga sistema sa pagmemetro at kontrol na nagbibigay sa kanila ng kakayahang mabawasan ang mga naiipong load ng koryente ng mahigit sa 150 megawatt sa loob ng 15 minuto mula makatanggap ng pang-emerhensiyang alerto. Ang mga istrategikong programang tulad nito ay tumitiyak na ang pagiging maaasahan ng emerhensiya ay mapapanatili sa panahon ng emerhensiya.

Ang Petroleum Fuels Set Aside Program ng Energy Commission ay responsable din para matiyak na ang mga supply ng fuel ay makukuha ng mga tumutugon sa emerhensiya kapag may malawakan o pinatagal na kakulangan. Sa pagpapagana ng Gobernador sa pamamagitan ng ehekutibong kautusan, pinahihintulutan ng Fuels Set Aside Program ang Energy Commission, sa pakikipagtulungan sa Cal OES, na utusan ang mga pasilidad na imbakan ng petrolyo na hawakan at i-redirect ang fuel para magamit sa pagtugon sa sakuna at mga pagsusumikap sa pagbawi. Kasama rito ang, ngunit hindi limitado sa, paghahanap at pagsagip, sunog, pulis, medikal at ibang kritikal na tagapagbigay ng serbisyo sa emerhensiya. Ang fuel na pinanghawakan at ni-redirect ng programang ito ay ibebenta sa mga rate ng merkado sa mga transaksyon sa pagitan ng mga supplier at mga bumibili.



Governor  
**Gavin Newsom**

Chair  
**Robert B. Weisenmiller, Ph.D**

Executive Director  
**Drew Bohan**

Commissioners

**Karen Douglas, J.D.**

**David Hochschild**

**J. Andrew McAllister, Ph.D.**

**Janea A. Scott, J.D.**